

Pagprotekta sa pagkasira ng pagkain kapag walang kuryente

Bago ang bagyo:

- Magtabi ng mga de-lata at iba pang hindi madaling masirang pagkain
- I-set ang iyong freezer sa 0 °F o mas mababa at ang refrigerator sa 40 ° o mas mababa.
- Maghanda ng mga ice pack at cooler na maaaring paglagyan ng pagkain
- Itapon ang mga pagkaing madaling masira
- Mag-imbak ng pagkain sa mga lagayang hindi maaabot ng kontaminadong tubig kung sakaling magbaha
- Tiyaking magkaroon ng supply ng bottled water

Kapag nagsimula ang pagkawala ng kuryente:

- Panatilihin nakasara ang mga pinto ng refrigerator at freezer hangga't maaari.
- Pagtabi-tabihin ang mga pagkain sa freezer at panatilihin itong nakasara
- Bumili ng dry o block ice upang mapanatili itong malamig hangga't maaari, kung matagal ang pagiging pagkawala ng kuryente

Ang gagawin kapag nagkaroon na ng kuryente:

- Tingnan ang temperatura sa freezer. Kung ang thermometer ay nasa 40 ° o mas mababa, hindi pa sira ang pagkain at maaari pang ilagay sa freezer
- Suriing isa-isa ang bawat pagkain. Makakatulong ang mga chart na ito sa iyong pagsuri ng ilang partikular na pagkain
 - [Mga Pagkaing Kailangang Ilagay sa Refrigerator: Kailan Dapat Itabi. Kailan Dapat Itapon](#)
 - [Frozen na Pagkain: Kailan Dapat Itabi. Kailan Dapat Itapon](#)

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa kaligtasan ng pagkain sa isang emergency, tingnan ang mga mapagkukunan na ito:

[Sa isang Emergency](#) (Foodsafety.gov)

[Mga Pagkawala ng Kuryente: Mga Pangunahing Tip para sa Mga Consumer](#) (FDA)

Mga septic tank pagkatapos ng mga pagkawala ng kuryente

Kapag bumabagyo, dapat mong bawasan ang paggamit mo ng tubig. Maisasagawa ito sa pamamagitan ng pagligo nang mabilis, hindi paglalaba, at hindi pag-flush sa toilet sa tuwing gagamitin ito sa pag-ihl. Sa bawat paggamit ng tubig, patuloy na napupuno ang septic tank. Kung magagamit ang lahat ng nakareserbang imbakan, maaaring umapaw ang mga tubo para sa dumi pabalik sa iyong bahay. Karaniwang mayroong pang-isang araw na supply ng espasyong imbakan sa emergency sa pump tank. I-off ang pump sa control panel.

BABALA: Kung nagkaproblema sa pump dahil sa pagkawala ng kuryente, huwag pumasok sa pump chamber.

Kapag bumalik na ang kuryente:

- I-on ang pump at hayaan itong tumatakbo nang hanggang 5 minuto at pagkatapos ay i-off ito.
- Ulitin ito kada 6 na oras hanggang sa bumaba ang daloy sa "OFF" na antas at kusang mag-off ang pump.
- Kung kaunting tubig lang ang nagamit, maaaring awtomatikong mag-off ang pump sa unang pag-switch